# ANG IMPLIKASYON SA DISIPLINA NG SOSYOLOHIYANG PARA SA KAUNLARAN

VICTORIA A. BAUTISTA
*Kolehiyo ng Administrasyong Pampublika*
*Pamantasan ng Pilipinas*

*Ipinapaliwanag ng awtor ang ilang mga bagay na maaring gawin ng mga sosyolohista bilang pagtugon sa mga problema ng kaunlaran. Ang mga ito ay ang pagbibigay priyoridad sa mga may desbentaha sa buhay; ang pagpapalakas ng partipasyon ng mga mamamayan; paggamit ng iba pang estratehiya sa pananaliksik; pakikipag-ugnay sa ibang disiplina; pagiging malikhain sa pagturo; pagbubuo ng katutubong teorya; at paggamit ng wikang katutubo.*

Hindi lang miminsan sinuri ng Samahang Sosyolohikal sa Pilipinas ang relasyon ng sosyolohiya at ng kaunlaran. Noong 1975, ang tema ng diskusyon ay ang "Mga Estratehiya para sa Kaunlaran" sa kung saan ang mga siyentipikong panglipunan na naging teknokrat ng pamahalaan ay nabigyan ng pagkakaton na ibahagi ang kanilang eksperyensiya hinggil sa aplikasyon ng inaadhikang modelo o teoriya sa reyalidad.

Noong sumunod na taon, binalikan ng Samahan ang paksa ng kaunlaran subalit binigyan ng pokus ang mga mahihirap at kung ano ang mga paraan na isinasagawa ng pamahalaan sa pagharap ng kanilang mga problema. Bilang pagwawakas nga sa kumbensiyon na ito, tahasang hinamon ni Dr. Jose Abueva na magkaroon ng konsyensiya ang mga siyentipiko para sa mahihirap upang makatulong sila sa pag-angat ng estado ng mga ito sa pamayanan. Nagbanggit siya ng ilang mungkahi upang maiangkop ng mga sosyolohista ang kanilang gawain sa ganitong pokus.

Sa kumbensiyon noong 1977, tinalakay ang wastong (at maling) paggamit ng panlipunang agham sa pagbubuo ng polisa at pagpaplano ng programang pang-kaunlaran. Sinabi ni Prof. Randolf David sa kaniyang pambungad na mensahe bilang Presidente ng Samahan na kailangang manmanan ang mga taong gumagamit ng resulta ng pagsasaliksik upang palawakin lamang ang personal na interes ng mga naghaharing uri sa pamayanan (1978:93).

Sa taong 1980 naman, naging sentro ng talakayan ang mga magbubukid, ang mga pamamaraan ng pamahalaan sa paglulunsad ng kanilang modernisasyon, at ang pagtasa nang gawain ng ilang programa sa pagtatamo ng kanilang layunin.

Sa kumbenisyon naman noong 1984, ang naging interes ay ang paksang "Coping with Crisis: The Filipino in the Mid-80's." Muling hinamon ni Dr. Sylvia Guerrero ang mga sosyolohistang tumulong sa paggawa ng mga kongkretong hakbangin tungo sa ikalulutas ng mga sari-saring problemang ekonomiko, panglipunan at politika dulot ng diktadurang Marcos (Guerrero, 1985). Wika ni Guerrero,

hindi lamang daw siya dapat manatiling taga-tulong sa pag-intindi ng lawak at dahilan ng krisis kung hindi para magkaraoon din ng posisyong adbokasya.

Base sa argumento ng ilan sa mga kasama nating siyentipiko, maliwanag na hindi na isyu kung paiiralin ba o hindi ang adhikaing value free o ethical neutrality. Binigyang diin ng ilan sa ating mga kasamahan ang kahalagahan na bumuo ng sariling opinyon at mungkahi upang masagutan ang mga problemang hinaharap at magkaroon ng aktibong partisipasyon sa proseso ng kaunlaran base sa datos na kanilang nakalap.

Sa tema ng ating kumperensiya ngayon, maliwanag na tinatanggap pa rin ng ating Samahan ang hamon na iyan. Ang implikasyon sa pagtalakay ng paksang "Sosyolohiya para sa Kaunlaran" ay ang pagpapahiwatig ng commitment o pananagutan ng Samahan sa pagharap at pagtamo ng kahalagahan ng kaunlaran. Kaya nga, nararapat lamang na talakayin ang mga praktikal na gawain upang maiangkop ang disiplina sa paglunsad ng kaunlaran. Ano ang implikasyon ng temang ito sa gawain ng mga sosyolohista?

**Pag-aangkop ng Disiplina sa Kaunlaran.**

*Pagpili ng Priyoridad na Sektor.* Unang-una, dahil kumplikado ang obhektibo o kahalagahan ng kaunlaran, mahalagang bigyan ng priyoridad ang mga grupong talamak ang problema sa pamayanan. Sa aking palagay, angkop pa rin kung bibigyan ng pangunahing atensiyon ang mga mahihirap sapagkat hindi umangat ang kanilang estado sa mahabang panahon. Base sa datos ng National Statistics Office, 49.3% ang dami nila na nasa ilalim ng poverty threshold noong 1971. Naging 49.5% ito noong 1988 (NSO 1990).

Higit pang makikita ang lubhang pagkakaiba nila sa mga maykaya kapag susuriin kung ilang porsyento ng kabuuang kita ang kanilang naparti. Noon 1971, ang pinaka-mababang ika-10 porsyento ng populasyon na tumanggap ng sahod ay nakabahagi lamang ng 1.2% ng kabuuang kita. Noong 1988, ito'y naging 2%. Samantala naman, ang pinakamataas na sampung porsyento na may napagkakakitaan ay naka-parti ng 38.8% ng kabuuang kita. Bumaba lang ito nang kaunti noong 1988 sa 35.7% (NSO 1989: 709).

Dapat lang ilantad sa publiko ang mga polisa o programa na hindi nakatutulong sa kanila. Isang halimbawa ay ang polisang nagpapatuloy sa pagdikta ng World Bank-IMF ng mga conditionalities bago maka-utang ang bansa para sa kaunlarang programa. Maaring tularan ang gawain o umaanib sa mga samahan gaya ng Freedom from Debt Coalition na pinamumunuan ng isang akademiko upang mamulat ang publiko sa negatibong implikasyon ng pag-utang at pag-dipende sa ibang bayan.

Masasabi ring nararapat suriin ang problema ng mga mahihirap sapagkat sari-saring kategoriya nila ang umusbong kamakailan. Hindi lamang sila binubuo ng mga maliliit na magsasaka at mangingisda, ng mga nakatira sa iskwater, at ng mga palabuy-laboy. Nandiyan din ang mga nasalanta ng kalamidad gaya ng lindol at mga nangawalan ng trabaho dulot ng krisis sa Gulpo.

Bukod sa mahihirap, may iba pang mga may desbentaha sa buhay na maaring bigyan ng prioridad sa pag-aaral. Napag-iiwanan din ang estado nila sa pamayanan. Ito ay ang mga may kapansanan, mga kabataang hindi nag-aaral at nakahantad sa mga nagbebenta ng laman, mga cultural minorities at mga kababaihang napag-iiwanan ng mga kalalakihan sa kalakaran.

*Partisipasyon ng Mamamayan.* Pangalawa, nararapat lamang na patuloy na palakasin ang partisipasyon ng mamamayan sa proseso ng kaunlaran. Mahalagang mabigyan ng karapatan

ang mga tao na makilahok sa kaunlaran. Hindi lamang sila pasibong elemento na taga-tanggap ng serbisyo ng pamahalaan at iba pang mga ahensiya. Mas epektibo at angkop ang programa kung sila ay kasali sa pagdisenyo, pag-implemento at pagtasa ng implikasyon nito. Mas matatag ang serbisyong binubuo o nang kaakbay ang mga mamamayan sapagkat sila ang mag-bebenepisyo rito.

Ang implikasyon nito sa disiplina ay ang pagtulong sa pag-intindi ng eksperyensiya hinggil sa partisipasyon ng mamamayan at matukoy ang mga paktor na nagsisilbing balakid dito.

Bilang tulong sa pag-intindi ng proseso ng partisipasyong pambalana, mahalagang matutunan ng mga sosyolohista at ng mga mag-aaral ang pagpapatupad ng participatory research. Kung isinasama ang mga mamamayan sa proseso ng kaunlaran, nararapat lang na bigyan din sila ng importansiya sa proseso ng pagsasaliksik.

Ang partisipasyon ng mga mamamayan ay maaaring mag-umpisa sa pagtukoy ng research problem buhat sa ibabahagi nilang karanasan.

Sa pag-kulekta naman ng mga datos, mayroong mga impormasyon na maari nilang makalap. Isang halimbawa ay ang pag-aaral kung magkano ang ginagastos ng pamilya para sa pagkain at kung ang mga niluluto ay masustansiya. Ang mga maybahay o sino mang namamahala sa badyet at pagluluto sa isang pamilya ang maaaring mag-rekord sa araw-araw ng mga kailangang impormasyon.

Sa paraang participatory research, maipapahiwatig na ang mga mamamayan ay hindi lamang "subjects" ng pagsasaliksik. Maari din silang magbigay ng aktibong partisipasyon sa pagsasaliksik. They can be active participants rather than objects in the research process.

*Pag-alam ng Ibang Estratehiya sa Pagsasaliksik.* Sa pagtatasa ng kakayahan ng sari-saring institusyon na naghahatid ng pang-kaunlarang serbisyo sa publiko, makatutulong sa mga sosyolohista kung lalawakan pa ang kanilang kaalaman sa iba pang paraan sa pagsasaliksik gaya halimbawa ng policy research at evaluation research.

Ang policy research ay isinasagawa upang matasahan ang implikasyon ng bawa't alternatibo na pagpipilian ng policy decision-maker. Sari-saring estratehiya ang malalaman dito na maaaring pagpilian ng tagapagsaliksik gaya ng queuing, decision free analysis at linear programming.

Sa ebalwasyon naman, sinusuri kung matagumpay (o maaring magtagumpay) ang programa sa pagtamo ng nilalayon nito. Maari itong maisagawa bago mag-umpisa, habang isinasagawa o pagkatapos ma-implemento ang programa. Kritikal sa pagsasagawa ng ebalwasyon ang pagpili ng indikador sa pagtatasa ng programa. Sa pagsasanay dito, may mga ehersisyo sa pagbuo ng mga indikador gaya ng efficiency, productivity, at effectiveness. Kasama rin ang ibang kahalagahan gaya ng equity at social justice.

Hindi tinatatwa ang kontribusyon ng basic social science research. Masasabi ngang ito ang pundasyon ng policy research at evaluation research. Dinadagdagan lamang ang kaalaman ng mga ispesipikong estratehiya sa pagsasagawa ng pagsasaliksik.

Ang implikasyon nito ay ang pagbibigay puwang sa pagbubukas ng pagkakataon sa ibang mga guro at mga mag-aaral na hindi pa lubos ang kasanayan sa mga rekisito sa pagsasagawa ng policy research at ebalwasyon. Maaring maging proyekto ng Samahan ang pagsasanay hinggil dito. Samantala, ang mga mag-aaral naman ay maaring magpatala sa ibang departamento na nagtuturo ng ganitong mga kurso.

*Pakikipag-ugnay sa Ibang Disiplina.* Dahil malawak ang suliranin ng mga may desbentaha, mahalagang makipag-ugnay sa iba't-ibang siyentipikong panlipunan upang magkaroon ng malawakang pananaw sa pag-intindi ng kanilang estado. Magandang inisyatiba ang pinasimulan ng Kolehiyo ng Panlipunan Agham at Pilosopia sa Pamantasan ng Pilipinas sa pamumuno ni Prof. Fe Arcinas at ni Dr. Cynthia Bautista. Nakikipag-ugnay sila sa iba't-ibang larangan ng panlipunang agham sa pagtatasa ng programa reporma sa lupa.

Isa pang halimbawa ay ang binuong Health Research Network ng Philippine Population Association sa pamumuno ni Dr. Corazon Raymundo. Inimbitahan ang mga siyentipiko mula sa iba't-ibang larangan ng panlipunang agham upang suriin at gawan nang ebalwasyon ang programang pangkalusugan sa iba't-ibang rehiyon sa Pilipinas.

Maaari pang lawakan ang interdisciplinary effort na ito sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga siyentipiko mula sa Metro Manila at ng mga representante ng ibang rehiyon upang makapagbahagi ang bawa't isa ng kani-kanilang kalakasan.

*Bagong Estratehiya sa Pagtuturo.* Kasabay sa pag-angat ng kamulatan at pagsasanay ng mga sosyolohista ay ang pagsasagawa ng mga inisyatiba upang mamulat ang mga kabataan sa problema ng kapaligiran. Bukod sa pagbibigay ng lecture sa loob ng klase, maaring dagdagan ng ibang paraan gaya ng panonood ng sine na nagpapahiwatig ng problemang pangkaunlaran o dili kaya'y aktwal na obserbasyon sa mga lugar na nagkukumpol ang mga grupong may desbentaha.

*Katutubong Teoriya.* Mahalagang bigyan ng masusing pansin ang pagbubuo ng mga katutubong teoriya na makatutulong sa pag-intindi ng estado ng mga may desbentaha sa sambayanan. Isang aspeto kung saan maaring sari-saring mga ideya ang umusbong ay ang mga temporaryong istruktura. Sa halip na bigyan ng atensiyon ang mga pormal na institusyon sa sosyolohiya, maaaring pag-aralan ang karakteristo at pamamaraan ng temporaryong istruktura na siyang aktwal na ginagamit sa paglulunsad at pag-papalakad ng kaunlaran. Ito yung mga ad hoc bodies at mga network na nabubuo lamang base sa ispesipikong problemang umuusbong.

Sa mga ad hoc bodies ay may pagkakataon ang mga kasaping magkaroon ng interaksiyon. Sa network naman ay maaring walang interaksiyon ang bawa't isa. Mayroong taong siyang sentro ng komunikasyon ang nakikipag-ugnay sa iba. Ang kaniyang mga contact persons ay maaari ding may sari-sariling kaugnay upang makatulong sa pagpili ng desisyon na maibabahagi sa sentro. Sa aking palagay, ang istrukturang network ay may kritikal na impluwensiya sa mga taga-gawa ng desisyon. Kung ano ang karakteristiko ng mga taong bumubuo ng network ay maaring maka-apekto sa klase ng desisyon na mabubuo.

Isang halimbawa ay ang Barangay Health Worker na nagpapatupad ng estratehiyang Primary Health Care. Siya ang boluntaryong manggagawa ng Kagawaran ng Kalusugan bilang taga-organisa ng pamayanan. Kung siya ay lalapitan ng pamayanan hinggil sa interes nilang magtayo ng kooperatiba, ang kakayahan niyang maihatid ito ay base duon sa kaniyang network ng kakilalang magbibigay ng boluntaryong serbisyo sa pagsasanay.

*Sariling Wika.* Kasabay ng proseso ng pagsasaliksik at paglulunsad ng kaunlarang mula sa tao, ay ang pagsasaliksik at importansiya ng paggamit ng wikang katutubo. Ang sariling wika ay hindi lang makakatulong sa pagtarok ng ugat ng damdaming Pilipino. Ito'y madaling maintindihan ng grupong nais nating abutin at gawing kaakbay sa kaunlaran.

Ang sariling wika ay dapat ipag-punyagi upang ang resulta ng ating pagsasaliksik ay di mananatili sa apat na sulok ng pamantasan. Ang kaalaman ay para sa masa at hindi para lang iluklok sa pedestal na hindi kayang abutin ng nakararami.

Isang praktikal na paraan upang maumpisahan sa akademiya ang kamulatan at kasanayan sa paggamit ng sariling wika ay ang pagbibigay suporta sa mga proyektong ginagamit ang wikang Pilipino.

Unang-una na ang pagsasalin ng mga banyagang babasahin sa ating wika. Ang isa pa ay ang paggawa ng mga abstracts ng mga literaturang Ingles. Ang pinakamataas na layunin ay ang pagbubuo ng teoriyang katutubo sa sariling wika na siyang magiging matibay na pundasyon ng iba pang proyektong isasabalikat natin sa mga darating pang panahon.

Hindi mahirap gawin ang aking inihahain kung tayo'y sabay-sabay na kikilos.

---

Sanggunian

Abad, Ricardo

1978 "Editor's Preface." *Philippine Sociological Review* 26 (2).

Abueva, Jose

1977 "Toward a Scientific Conscience: Why Social Scientists Should Be Committed to the Reduction of Poverty and Inequality in Our Society." *Philippine Sociological Review* 25 (3-4).

David, Randolf

1978 "The Use (and Misuse) of Social Science Research." *Philippine Sociological Review* 26 (2).

Guerrero, Sylvia

1985 "Opening Address." *Philippine Sociological Review* 33 (1-2).

Manalili, Angelito

1989 "Tungo sa Tunay na Lakas ng Bayan." Social Science and the Economic Recovery. Allen Tan et. al., eds. Quezon City: Philippine Social Science Council.

National Statistics Office

1990 *Philippine Yearbook.* Manila: National Statistics Office.

1989 "Incidence of Poverty in the Philippines." Manila: National Statistics Office.